# *Ang Kapayapaan ng Dios Yugto 1*

***"27 Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man." (Juan 14:27 KJV***

Nangako ang Panginoong Jesus ng kapayapaan sa Kanyang mga alagad. Na bibigyan Niya tayo ng kapayapaan kahit sa pinaka mahirap na sitwasyon sa ating buhay. Ang pangyayari na sinabi Niya sa ***Juan 14*** sa Kanyang mga alagad ay sa gabi na siya ay dadakpin at magdusa. Ang mga disipulo ay malapit nang dumaan sa isa sa kakila-kilabot na panahon sa kanilang buhay kung saan sila ay haharap sa mga pag-uusig, at bago iyon ay nangako si Jesus ng kapayapaan sa kanila.

Sinabi ni Apostol Pablo, ***"4 Mangagalak kayong lagi sa Panginoon: muli kong sasabihin, Mangagalak kayo. 5 Makilala nawa ang inyong kahinhinan ng lahat ng mga tao. Ang Panginoon ay malapit na. 6 Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios. 7 At ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip, ay magiingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pagiisip kay Cristo Jesus. 8 Katapustapusan, mga kapatid, anomang bagay na katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat; kung may anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito." (Filipos 4:4-9 KJV)*** Dito ang kapayapaan ng Dios ay ipinangakong ibibigay sa atin kapag sinunod natin ang payak na mga payo na sinasabi ng Salita ng Dios sa atin na gawin. Nais ng Dios na magtiwala sa Kanya sa mga panahon ng pagsubok at manatiling mahinahon at ingatan ang iyong sarili sa ilalim ng pagpipigil sa sarili natitiyak na ang Dios ay malapit na makita at malapit na kumilos sa ating ngalan sa pagharap sa mga pangyayari. ***"6 Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios." (Filipos 4:6 KJV)*** * Kapag nahaharap tayo sa mga pagsubok ang unang bagay na gawin ay iwasang paunlakan ang mga pagdududa at takot, sa halip, sa pagpapasalamat sa ating mga puso, inihahayag natin ang ating kahilingan sa Dios sa pamamagitan ng pagpapahayag sa Kanya ng ating pinagdadaanan. * Ito ang tiwala na mayroon tayo sa Dios na malapit Siya sa atin. Habang tayo'y nananalangin, tinatanggap muna natin ang kapayapaan ng Dios na higit sa lahat ng ating kaunawaan, ***"7 At ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip, ay magiingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pagiisip kay Cristo Jesus." (Filipos 4:7 KJV)*** at ang kapayapaang iyon ang tutulong sa atin na mag isip na mabubuting bagay, ***"8 Katapustapusan, mga kapatid, anomang bagay na katotohanan, anomang bagay na kagalanggalang, anomang bagay na matuwid, anomang bagay na malinis, anomang bagay na kaibigibig, anomang bagay na mabuting ulat; kung may anomang kagalingan, at kung may anomang kapurihan, ay isipin ninyo ang mga bagay na ito." (Filipos 4:8 KJV)*** Iniugnay din ni Apostol Pablo sa mga taga Filipos na ang kapayapaan ng Dios ay darating sa kanilang buhay at mapapasa kanila kung isinabuhay nila ang natanggap nilang turo mula kay Pablo: ***"9 Ang mga bagay na inyong natutuhan at tinanggap at narinig at nakita sa akin, ang mga bagay na ito ang gawin ninyo: at ang Dios ng kapayapaan ay sasa inyo." (Filipos 4:9 KJV)*** Kaya nga kapag isinagawa mo ang turo ng Salita ng Dios na ibinibigay ng simbahan sa iyo kung gayon ang kapayapaan ng Dios ay darating at mananatili sa iyong buhay.

Ang pagsunod mo sa mga tagubilin ng Salita ng Dios ay magdudulot ng kapayapaan ng Dios sa iyong buhay. Sa ***Levitico 26:6*** Ipinangako ng Dios sa Kanyang bayan ang kapayapaan: ***"6 At magbibigay ako ng kapayapaan sa lupain, at mahihiga kayo, at walang katatakutan kayo: at aking papawiin sa lupain ang mababangis na hayop, ni hindi dadaanan ang inyong lupain sa tabak." (Levitico 26:6 KJV)*** Ipinangako ng Dios sa Kanyang bayan ang kapayapaan kung sila'y tatalima sa Kanyang mga utos; ***"1 Huwag kayong gagawa para sa inyo ng mga diosdiosan, ni magtatayo kayo ng larawang inanyuan o haligi, ni huwag kayong maglalagay ng batong inanyuan sa inyong lupain, upang inyong yukuran yaon: sapagka't ako ang Panginoon ninyong Dios. 2 Inyong ipangingilin ang aking mga sabbath, at inyong igagalang ang aking santuario: ako ang Panginoon. 3 Kung lalakad kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan at iingatan ninyo ang aking mga utos, at inyong tutuparin: 4 Ay maglalagpak nga ako ng ulan sa kapanahunan, at ang lupain ay pakikinabangan, at ang mga kahoy sa parang ay magbubunga. 5 At ang inyong paggiik ay aabot hanggang sa pagaani ng mga ubas, at ang pagaani ng ubas ay aabot sa paghahasik: at kakanin ninyo ang inyong pagkain na sagana, at tatahan kayong tiwasay sa inyong lupain. 6 At magbibigay ako ng kapayapaan sa lupain, at mahihiga kayo, at walang katatakutan kayo: at aking papawiin sa lupain ang mababangis na hayop, ni hindi dadaanan ang inyong lupain sa tabak." (Levitico 26:1-6 KJV)*** Ang kapayapaan ng Dios at ng Kanyang masaganang pagpapala ay magkakatotoo sa ating buhay kung iingatan natin ang ating sarili malayo sa mga pagsamba sa dios-diosan, ipangako ang iyong sarili na ingatan ang araw ng Sabbath, magkaroon ng takot sa simbahan ng Dios sa pag alalay dito at paglakad sa tagubilin na tinanggap natin mula sa Salita ng Dios.

Inihayag ng Dios ang Kanyang sarili kay Gedeon at inutusan siyang iligtas ang mga Israelita mula sa mga kamay ng mga Medianita. Nang napagtanto ni Gedeon na nakilala niya ang Dios siya ay natakot, at naisip niya na siya ay mamatay. Sa sandaling iyon inialay ng Dios sa kanya ang kapayapaan, at sa pagtugon ni Gedeon doon nagtayo siya ng isang dambana sa Panginoon sa Oprah at tinawag niya itong Jehovah Shalom na nangangahulugang 'Jehovah ay kapayapaan': ***"22 At nakita ni Gedeon na siya ang anghel ng Panginoon; at sinabi ni Gedeon, Aba, Oh Panginoon Dios! sapagka't aking nakita ang anghel ng Panginoon na mukhaan, 23 At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Kapayapaan ang sumaiyo; huwag kang matakot: hindi ka mamamatay. 24 Nang magkagayo'y nagtayo roon si Gedeon ng isang dambana sa Panginoon, at tinawag na Jehova-salom: hanggang sa araw na ito ay nasa sa Ophra pa ng mga Abiezerita." (Mga Hulkom 6:22-24 KJV)*** Matapos gawin iyon ni Gedeon, hiniling ng Dios na gawin ang ilang mga bagay; ***"25 At nangyari nang gabi ring yaon, na sinabi ng Panginoon sa kaniya, Kunin mo ang toro ng iyong ama, ang ikalawang toro na may pitong taong katandaan, at iwasak mo ang dambana ni Baal na tinatangkilik ng iyong ama, at putulin mo ang Asera na nasa siping niyaon. 26 At ipagtayo mo, sa isang paraang maayos ng isang dambana ang PANGINOON mong Dios sa taluktok nitong matibay na dako; at kunin mo ang ikalawang toro, at maghandog ka ng isang handog na susunugin sangpu ng kahoy ng Asera na iyong puputulin." (Mga Hukom 6:25-26 KJV)*** Mula sa pananaw ng Dios, walang tunay na kapayapaan kung hindi haharapin ni Gideon ang dambana ni Baal na taglay ng kanyang ama. Kailangan nating maunawaan na kapag nangako ng Dios sa atin at ipinadala sa atin iyon hindi ibig sabihin na wala tayong dapat gawin tungkol doon. Mayroong mga bagay na kailangan nating gawin at kamitin sa pagtugon sa tagubilin ng Dios upang ang kapayapaang iyon ay patuloy na mamalagi sa ating buhay. Si Jesus ay nakaluhod sa Getsemena, nakita ang krus sa harapan Niya. ***"20 At sa pamamagitan niya ay pakipagkasunduin sa kaniya ang lahat ng mga bagay, na pinapayapa niya sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang krus; sa pamamagitan niya, sinasabi ko, maging mga bagay sa kalupaan, o mga bagay sa sangkalangitan." (Colosas 1:20 KJV)*** Nang pagdaanan ni Jesus ang krus, pagkatapos ay nakarating siya sa kanyang patutunguhan at nasa kanan ng luklukan ng Dios, ***"2 Na masdan natin si Jesus na gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya, na siya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus, na niwalang bahala ang kahihiyan, at umupo sa kanan ng luklukan ng Dios." (Hebreo 12:2 KJV)***

Sumunod si Gedeon sa Dios at isinagawa ang sinabi ng Dios na gawin niya ***"27 Nang magkagayo'y kumuha si Gedeon ng sangpung lalake sa kaniyang mga bataan, at ginawa ang ayon sa sinalita ng Panginoon sa kaniya: at nangyari, na sapagka't siya'y natakot sa sangbahayan ng kaniyang ama at sa mga lalake sa bayan, kaya't hindi niya nagawa sa araw ay kaniyang ginawa sa gabi. 28 At nang bumangong maaga ang mga lalake sa bayan ng kinaumagahan narito, ang dambana ni Baal ay wasak, at ang Asera na nasa siping niyaon ay putol, at ang ikalawang toro ay inihandog sa dambana na itinayo." (Mga Hukom 6:27-28 KJV)***

Kailangan talaga nating kumilos kasama ang Dios at magpasakop sa Kanyang kalooban, paggawa sa kung ano talaga ang nais Niyang gawin natin, ***"21 Makipagkilala ka sa kaniya, at ikaw ay mapayapa: anopa't ang mabuti ay darating sa iyo. 22 Iyong tanggapin, isinasamo ko sa iyo, ang kautusan mula sa kaniyang bibig, at ilagak mo ang kaniyang mga salita sa iyong puso." (Job 22:21-22 KJV)***

Ang kapayapaan ng Dios ay darating sa atin at mananatili sa atin kung pananatilihin natin ang isipan natin sa Kanya, lubos na nagtitiwala sa Kanya, ipinapakita iyon sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos: ***"3 Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pagiisip ay sumasa iyo: sapagka't siya'y tumitiwala sa iyo." (Isaias 26:3 KJV)*** Ang kahandaang sumunod sa mga utos at tagubilin ng Dios ay magdadala ng kapayapaan sa ating buhay, ***"18 Oh kung dininig mo ang aking mga utos! ang iyo ngang kapayapaan ay naging parang ilog, at ang iyong katuwiran ay parang mga alon sa dagat:" (Isaias 48:18 KJV)*** Kapag sinunod natin ang mga utos ng Dios at gawin ang tama at ang ating paglilingkod ay sumasabay sa kalooban ng Dios at sa ilalim ng Kanyang pamamahala ay magkakaroon ng kapayapaan mula sa gawa ng ating mga kamay, ***"17 At ang gawain ng katuwiran ay magiging kapayapaan; at ang bunga ng katuwiran ay katahimikan at pagkakatiwala kailan man." (Isaias 32:17 KJV)***

Si Jesus ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, at ang kaparusahan ng ating mga kasalanan na inilagay sa Kanya ay nagdulot sa atin ng kapayapaan, ***"5 Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo." (Isaias 53:5 KJV)*** Sa unang araw ng Kanyang pagkabuhay, nagtungo si Jesus sa Kanyang mga alagad, ***"19 Nang kinahapunan nga, nang araw na yaon, na unang araw ng sanglinggo, at nang nangapipinid ang mga pintong kinaroroonan ng mga alagad, dahil sa katakutan sa mga Judio ay dumating si Jesus at tumayo sa gitna, at sa kanila'y sinabi, Kapayapaan ang sumainyo. 20 At nang masabi niya ito, ay kaniyang ipinakita sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang tagiliran. Ang mga alagad nga'y nangagalak, nang makita nila ang PANGINOON. 21 Sinabi ngang muli sa kanila ni Jesus, Kapayapaan ang sumainyo: kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo. 22 At nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo: 23 Sinomang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad sa***

***kanila; sinomang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad." (Juan 20:19-23 KJV)*** Ang mga alagad ay nakapinid sa likuran ng mga pintuan dahil sa kanilang takot sa mga Judio. Ngunit pinuntahan sila ni Jesus at binigyan sila ng Kanyang kapayapaan, ipinakita Niya sa kanila ang katibayan ng Kanyang pagkabuhay na mag uli, at hiningahan Niya sila, na sinasabi, ***"Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo"*** at isinugo Niya sila na pumunta sa iba, ***"21 Sinabi ngang muli sa kanila ni Jesus, Kapayapaan ang sumainyo: kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo." (Juan 20:21 KJV)" (Juan 20:23 KJV)*** Kaya ang kapayapaang natanggap nila mula kay Jesus ay sinadya upang hindi manatili sa likod ng nakapinid na pintuan, kundi upang suguin sila sa labas upang abutin ang iba. Kaya dito ang kapayapaan ay ibinigay para sa isang misyon na gagawin at para sa isanv gawain na magaganap. ***"23 Sinomang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila; sinomang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad." (Juan 20:23 KJV)*** Ang mauunawaan doon na ang mga disipulo ay dapat pumunta at mangaral at harapin ang kasalanan ng mga tao alinsunod sa Salita ng Dios. * Kung may pagsisisi at pagtalikod sa kasalanan kung gayon papayagan ng mga disipulo. Ngunit kung walang pagsisisi kung gayon ang mga disipulo ay hindi aaprubahan ang mga paraan ng pamumuhay ng mga tao. * Ang hiniling ni Jesus sa kanila dito ay tulungan ang mga tao sa pagharap sa kanilang mga kasalanan. Nang matanggap nila ang kapayapaan mula kay Jesus, kailangan nilang turuan, iwasto at payuhan ang iba, ***"15 At maghari sa inyong puso ang kapayapaan ni Cristo, na diya'y tinawag din naman kayo sa isang katawan; at kayo'y maging mapagpasalamat." (Colosas 3:15 KJV) "19 Kaya nga sundin ang mga bagay na makapapayapa, at ang mga bagay na makapagpapatibay sa isa't isa." (Roma 14:19 KJV)*** Kapag ang kasalanan ay naharap kung gayon ang kapayapaan ng Dios ay darating at mananahan at mananatili sa buhay ng mga tao, ngunit kapag ang kasalanan ay hindi naharap kung gayon ang mga pag aalinlangan, takot, kaguluhan at pagtigil ay magpapatuloy.

Pagkatapos ng pagpupulong ng mga alagad sa ***Juan 20,*** matapos ng pagkabuhay ni Cristo, ang sumusunod ay nangyari, ***"24 Nguni't si Tomas, isa sa labingdalawa, na tinatawag na Didimo, ay wala sa kanila nang dumating si Jesus. 25 Sinabi nga sa kaniya ng ibang mga alagad, Nakita namin ang PANGINOON. Nguni't sinabi niya sa kanila, Malibang aking makita sa kaniyang mga kamay ang butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking daliri sa butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking kamay sa kaniyang tagiliran, ay hindi ako sasampalataya." (Juan 20:24-25 KJV)*** Si Tomas ay hindi nila kasama sa pagpupulong na iyon kasama ng Panginoon, kaya nang siya'y dumating ipinaalam ng mga alagad sa kanya ang tungkol sa nangyari. Dapat maging masaya si Tomas, ngunit sa halip pinatigas niya ang kanyang puso sa kakulangan ng pananampalataya at hindi paniniwala sa narinig niya. Ang mga pangyayaring tulad nito ay mag-aalis ng kapayapaan sa gitna natin. Ang mga taong kumikilos nang walang pananampalataya ay susuway sa tagubilin ng Panginoon at magpapaliban sa misyon ng simbahan. Kailangan silang bisitahin muli ng Panginoon upang maitama ang sitwasyon at harapin ang kanilang katigasan ng ulo at kasutilan. Si Jesus ay pumaroon sa kanila at ang mga pintuan ay sarado dahil sa takot at kawalan ng kapayapaan sa kabila niyon binisita Niya sila bago ang walong araw at binigyan sila ng kapayapaan ***"26 At pagkaraan ng walong araw ay muling nasa loob ng bahay ang kaniyang mga alagad, at kasama nila si Tomas. Dumating si Jesus, nang nangapipinid ang mga pinto, at tumayo sa gitna, at sinabi, Kapayapaan ang sumainyo. 27 Nang magkagayo'y sinabi niya kay Tomas, idaiti mo rito ang iyong daliri, at tingnan mo ang aking mga kamay; at idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo siya sa aking tagiliran: at huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin. 28 Sumagot si Tomas, at sa kaniya'y sinabi, PANGINOON ko at Dios ko. 29 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Sapagka't ako'y nakita mo ay sumampalataya ka: mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma'y nagsisampalataya." (Juan 20:26-29 KJV)*** Ang Panginoon ang tagapaglikha ng ating kapayapaan at hindi tayo iiwanan ng walang kapayapaan. Darating siya at itatama ang maling mga bagay sa ating buhay at haharapin ang mga pangyayaring hindi natin kayang gawin.

* Laging ipapakita ng Panginoon sa atin ang daan kung handa tayong magkaroon ng kapayapaan at maibalik sa kung ano ang kailangan Niyang gawin natin para sa Kanya. * May ilang bagay na kailangan nating gawin nang mag-isa para maibalik sa atin ang kapayapaan ni Jesus. Sa kalagayang iyon ni Tomas, kinailangang pumunta ni Jesus Mismo upang ibalik ang kapayapaan. * Sa ibang mga kalagayan kailangan nating gawin ang tiyak na mga bagay sa pamamagitan ng ating sarili upang hayaan ang kapayaan ng Dios ay manumbalik muli. * Sinaway ni Jesus ang hangin at ang dagat upang dalhin ang kapayapaan sa Kanyang mga alagad nang sila ay nasa barko, ngunit ang mga kalalakihan sa barko ay kinailangang itapon ang propetang si Jonas mula sa Bangka upang tumahimik ang dagat. Muli may mga tiyak na bagay na kailangan nating gawin nang mag isa upang hayaan bumalik ang kapayapaan ni Jesus sa kalagitnaan natin.

***"17 Sawayin mo ang iyong anak, at bibigyan ka niya ng kapahingahan; Oo, bibigyan niya ng kaluguran ang iyong kaluluwa." (Kawikaan 29:17 KJV)*** Ngayon dito halimbawa, ang pagtutuwid sa anak, Ibinigay ito ng Dios sa kamay ng mga magulang upang gawin. Kapag sila ay susunod, kung gayon ang bunga ng kanilang pagsunod ay kapahingahan, kapayapaan, kagalakan at kasiyahan. * Ngunit kung ayaw nilang gawin, o ayaw nilang maging matatag at mahigpit sa mga anak, kung gayon ang mga anak ay maliligaw at gagawa ng mga maling bagay at magdudulot ito ng mas maraming problema sa buhay ng pamilya at sa bahay na kanilang tinitirhan at mawawalan ng kapayapaan.

***"11 Nguni't ang maamo ay magmamana ng lupain, at masasayahan sa kasaganaan ng kapayapaan." (Awit 37:11 KJV)*** Ang maamo ay ang mga mapagkumbaba at handang sumabay sa mga tuntunin ng Dios at sa Kanyang Salita na kanilang ipinamumuhay at nagtitiwala. * Habang ipinakukumbaba natin ang ating sarili sa harap ng Dios, at tanggapin na mamuhay naayon sa Kanyang kalooban at Salita, kung gayon ang pagpapala ng Dios ay dadaloy sa atin at tayo ay magtatamasa ng kasaganaan ng kapayapaan. ***"37 Tandaan mo ang sakdal na tao, at masdan mo ang matuwid: sapagka't may isang maligayang wakas sa taong may kapayapaan." (Awit 37:37 KJV)*** Iniisip ng ilan na hindi kinakailangan sa mga tao na maging sakdal, o kapag sinabi nating maging perpekto ay isang bagay na marangya at hindi mahalaga para sa pamumuhay. Ngunit, ano ang sinasabi sa atin ng Kasulatan? Ang sakdal na tao at ang matuwid, mayroon silang kapayapaan sa huli. * Ang kakulangan ng pagiging perpekto at kabutihan ay mag-aalis ng kapayapaan sa ating buhay. Kailangan talaga nating gawing possible ito kasama ng Panginoon upang magdala ng kapayapaan at kailangan nating hangarin ang pagiging matuwid at perpekto upang hayaan ang kapayapaan ng Dios na dumaloy sa ating buhay. ***"14 Kaya nga, mga minamahal, yamang kayo'y nagsisipaghintay ng mga bagay na ito, ay pagsikapan ninyong masumpungan kayo sa kapayapaan, na walang dungis at walang kapintasan sa paningin niya." (2 Pedro 3:14 KJV)*** Kaya't kung hinahanap mo ang kapayapaan sa buhay mo, kung gayon gawing possible na maging sakdal, walang kasalanan, walang dungis at kapintasan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Kung nais mong mamuhay sa kapayapaan at kagalakan, at maayos na natustusan kung gayon makipagtulungan sa Panginoon, sundin ang sumusunod:

• Sundin ang simpleng mga payo na sinasabi ng Salita ng Dios na gawin. Magtiwala sa Dios at sumunod sa Kanya, Ipingako ng Dios ang kapayapaan sa Kanyang bayan kung susundin nila ang Kanyang mga utos.

• Manatiling mahinahon at panatilihin ang iyong sarili sa ilalim ng pagpipigil sa sarili na maging tiyak na ang Dios ay malapit na makita at malapit na kumilos para sa iyo sa pagharap sa mga pangyayari sa paligid mo.

• Iwasan ang mga pag-aalinlangan at takot, sa halip, nang may pasasalamat sa iyong puso na ipahayag ang iyong kahilingan sa Dios. Habang nanalangin ka, tatanggapin mo muna ang kapayapaan ng Dios na higit sa lahat ng pang unawa.

• Ang kapayapaan ng Dios ay magaganap sa iyong buhay kung iingatan mo ang iyong sarili malayo sa pagsamba sa dios-dioasan, ipangako ang iyong sarili na panatilin ang araw ng Sabbath, palaging pagdalo sa pagsamba sa simbahan, magkaroon ng takot sa simbahan ng Dios sa pagsuporta dito at sa paglakad sa tagubilin na natatanggap mo mula sa Salita ng Dios.

• May mga bagay na kailangan mong gawin at makamit bilang tugon sa tagubilin ng Diyos na hayaan ang Kanyang kapayapaan na magpatuloy at maghari sa iyong buhay.

• Ilagay sa iyong isipan kapag ang kasalanan ay naharap sa gayon ang kapayapaan ng Dios ay darating at mananatili at mananatili, ngunit kapag hindi naharap ang kasalanan kung gayon, ang mga pag-aalinlangan, takot, problema at pagtigil ay magpapatuloy.

• Ang pag-uugali nang walang pananampalataya at katigasan ng ulo at kasutilan ay mag-aalis ng kapayapaan sa iyong buhay.

• Ang Panginoon ang iyong tagapaglikha ng kapayapaan, at hindi ka pababayaan nang walang kapayapaan. Lalapit Siya at sasawayin ka at itama ang mga maling bagay sa iyong buhay at haharapin ang mga pangyayaring hindi mo kayang gawin. Laging ipapakita sa iyo ng Panginoon ang daan kung handa kang maibalik sa kailangan Niyang gawin mo para sa Kanya.

Ilagay sa inyong isipan may mga tiyak na bagay na kailangan ninyong gawin sa inyong sarili upang hayaang bumalik sa gitna natin ang kapayapaan ni Jesus.

• Hangarin na maging perpekto, huwag nang magkasala, alamin kung ano ang nakalulugod sa Panginoon, patuloy na suriin ang iyong sarili at alamin kung ano ang mga kapintasan at mga dungis na nagsikap na alisin ang kapayapaan sa iyong buhay, at alisin ang mga ito.

• Ang kapayapaan ay ibinibigay para sa isang misyon na gagawin at para sa isang gawaing magaganap upang paglingkuran ang Panginoon. Manalangin tayo ... .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa lahat at kapayapaan at kagalakaan na ibinigay mo sa akin, at sa mga ipinangako mo sa iyong Salita sa mga susunod sa iyo. Panginoon salamat para sa katuruan mo at sa payo na tinanggap ko mula sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan kung gayo'y tanggapin mo ang kapayapaan ng Dios. Talikdan ang iyong pagdududa, takot, pagkabalisa at kawalan ng pananampalataya. Magsisi sa iyong katigasan ng ulo, at pag antalang pagsunod. Magsisi sa hindi palaging pagdalo sa simbahan, ang iyong kaukalangang magbasa ng Salita ng Dios at buhay pananalangin. Magsisi at talikdan ang iyong kamunduhan, at ang pagibig sa salapi, ang pagnanasa at ang pagibig sa materyal na mga bagay. Talikdan ang iyong kawalang pangako at walang kahandaang ibigay sa Dios ang iyong oras at pagsisikap at ang iyong materyal na mga bagay. Magsisi sa iyong walang kahandaang disiplinahin ang iyong mga anak at palakihin*

*sila sa pagkatakot sa Dios. Magsisi sa lahat ng iyong mga dios-diosan at maling mga gawain na salungat sa Salita ng Dios at sa Kanyang kalooban. Magsisi mula sa pagsasayang ng iyong oras at pagsira ng iyong isipan sa Media. Panginoon patawarin ako Ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ________________________.*

*Tumangis sa Dios at hilingin sa Kanya na tulungan ka para malagpasan ang iyong mga problema. Panginoon ako'y tumatangis sa iyo, tulungan mo ako at iligtas ako sa mga problemang ito sa aking buhay ________________________*

*Panginoon ipinangako ko ang akong buhay sa iyong kamay na lumakad sa harap mo sa isang sakdal na paraan, walang kapintasan at walang dungis. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na dumalo palagi sa simbahan at maglingkod sa iyo at mapaloob sa ministerio at sa misyong gawain ng iyong simbahan.*

*Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nangasisi at bumalik sa iyo. Panginoon bigyan sila ng kapayapaan at tulungan sila na maituwid patungo sa iyong landas. Panginoon panumbalikin sila pabalik sa iyo, at gamitin sila upang maglingkod sa iyo. Panginoon patuloy na sawayin at ituwid ang mga hindi pa nagsisi hanggang baguhin nila ang kanilang mga landas.*

*Panginoon patuloy kaming pagpalain bilang iyong simbahan habang patuloy kaming naglilingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ipahayag ang iyong kalooban. Panginoon iligtas kami mula sa sumusunod na mga kaguluhan ____________________ at dalhin pabalik ang kapayapaan sa aming buhay. Panginoon patnubayan kami na tulungan ang mga taong nasa kasalanan at pagka alipin at naghahanap ng tulong mula sa iyo upang maligtas at magkaroon ng kapayapaan. Panginoon paging dapatin kami upang linisin ang mga taong ketongin. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu, at patnubayan at paging dapatin kaming maabot ang mga bagong tao, paggawa ng mga bagong disipulo at pagsasanay ng mga bagong manggagawa, at pagtatanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon dalangin ko para sa mas maraming mga tao na makatanggap ng bautismo ng tubig, at bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon pagpalain at palawakin ang ministerio, at ihanda kami para sa iyong pagdating na sumama kami sa iyo kapag ikaw ay bumalik upang kunin kami. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu aysumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Kapayapaan ng Diyos Part 1. Juan 14:27. Mga Taga Filipos 4:4-9. Levitico 26:1-6. Mga Hukom 6:22-28. Colosas 1:20. Hebreo 12:2. Job 22:21-22. Isaias 26:3. Isaias 48:18. Isaias 32:17. Isaias 53:5. Juan 20:19-29. Colosas 3:15. Mga Taga Roma 14:19. Mga Kawikaan 29:17.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com